# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 18, 2021, LUNES, IKA-9:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANG. BAYAN RELEASED NAME DATE 11-23-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

RECEIVED 22 NOV 2021

**KAPASIYAHAN BLG. 433-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 39-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2021 NG BARANGAY MALINAO, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAAS NG HONORARIA NG BUONG SANGGUNIAN SIMULA TAONG 2022 NA ANG DATING HONORARIA NG PUNONG BARANGAY AY P5,800.00 NA MAGIGING P7,800 MGA KAGAWAD AT SK CHAIRMAN DATING P4,800 NA MAGIGING P6,600.00 AT ANG INGAT-YAMAN AT KALIHIM NA DATING P5,300.00 AY MAGIGING P7,300.00.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Malinao sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 39-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2021 na nagtataas ng honoraria ng buong sanggunian simula taong 2022 na ang dating honoraria ng Punong Barangay ay P5,800 na magiging P7,800, mga Kagawad at SK Chairman dating P4,800 na magiging P6,600.00 at ang Ingat-Yaman at Kalihim na dating P5,300.00 ay magiging P7,300.00;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito nang naaayon sa Local Budget Circular ng Department of Budget and Management entitled – Position Classification and Compensation of Barangay Officials and Personnel.

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 39-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2021 ng Barangay Malinao, Santa Cruz, Laguna na nagtataas ng honoraria ng buong sanggunian simula taong 2022 na ang dating honoraria ng Punong Barangay ay P5,800 na magiging P7,800, mga Kagawad at SK Chairman dating P4,800 na magiging P6,600.00 at ang Ingat-Yaman at Kalihim na dating P5,300.00 ay magiging P7,300.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 18, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 11-16-21
Punong Bayan